



Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Pangkalahatang Pamamaraan ng Paggamot sa HIV

Huling binago noong September 2003

Ang paggamot sa HIV ay hindi lamang binubuo ng pag-inom ng mga gamot. Kasama rin nito ang pagbabago ng pamumuhay tungo sa ikabubuti ng kalusugan upang maiwasan ang pagkaka-sakit.

Ang paggamot sa HIV ay naisasagawa sa tatlong paraan:

- Pagkontrol sa HIV virus
- Pagpapabuti sa kalusugan at pagpapalakas ng immune system
- Pag-iwas sa mga sakit na nauugnay sa HIV/AIDS

Pagpigil sa HIV virus:

Kabilang dito ang pag-inom ng mga gamot na laban sa HIV (anti-retrovirals) na nagbabawas sa HIV virus sa katawan o nagpapabagal sa pagdami nito. Kung mas kakaunti ang HIV virus mo at mas dadami ang T cells mo, mas magiging malusog ka.

Ang pagsisimula ng pag-inom ng gamot laban sa HIV ay isang malaking disisyon. Ang mga gamot ay maaaring makatulong na bawasan ang HIV virus sa katawan at matutulungan ang katawan na mas higit na labanan ang mga sakit at impeksyon. Maaari ding magkaroon ng side effects na hindi kanais-nais at nakasasama. Kailangang paghandaan ang pagsisimula ng mga gamot dahil sila'y kailangang inumin nang tama at regular araw-araw upang maging mabisa. Maaari itong mangahulugan ng mga pagbabago sa iyong araw-araw na gawain at gawi. Mahalagang humanap ng doktor na may malawak na kaalaman tungkol sa paggamot ng HIV at makakaintindi sa iyong kalagayan at kultura upang matulungan kang magpasya tungkol sa paggagamot.

Ang mga gamot laban sa HIV ay ipinapayo kung:

- Ang bilang ng T-cell ay mas mababa sa 350
- Ang viral load (ang sukat sa dami ng HIV virus sa iyong dugo) ay mas higit sa 55,000
- Nagkaroon na ng mga sintomas ng mga sakit na nauugnay sa HIV

Ang pamantayan sa paggamot sa HIV sa ngayon ay pag-inom ng hindi kukulangin sa tatlong iba't-ibang gamot laban sa HIV, kasama na ng mga gamot na nabibilang sa ibang uri o klase.

Pagpapabuti sa kalusugan at immune system:

Maraming pamamaraan ang nakatutulong upang mapabuti ang kalusugan at pagte-therapy na pampalakas sa immune system.

Ilan sa mga pamamaraan upang bumuti ang kalusugan:

- Pagkakaroon ng emosyonal at ispiritual na tulong upang balikatin ang stress.
- Pagkain ng masusustansyang pagkain.
- Sapat na pahinga
- Regular na pag-e-ehersisyo



- Pag-inom ng mga vitamins at mineral supplements
- Pag-inom ng supplements o mga gamot na pampalakas ng immune system
- Paggamit ng mga ibang complementary therapies

Pagsugpo sa mga sakit na nauugnay sa HIV/AIDS

Nabibilang dito ang pagpapasuri upang malaman ang mga sakit, pagpapabakuna upang maiwasan ang pagkakasakit at pag-inom ng mga gamot upang makaiwas sa impeksyong pangkaraniwang umaapekto sa mga may HIV/AIDS.

Mga pagsusuring ipinapayo sa mga may HIV:

- Regular na pagpapasuri ng dugo (tuwing ikalawa o ikaanim na buwan depende sa kalusugan) upang matingnan ang immune system (bilang ng T cell), ang pagkilos ng mikrobyo (Viral Load), kumpletong blood count, at upang alamin kung ang iba't-ibang bahagi ng katawan (organs and systems) ay maayos na naisasagawa ang kanilang tungkulin (hal: kidney at liver).
- Mga paunang pagsusuri ng dugo upang malaman kung nagkaroon ka na ng mga impeksyong karaniwang nakikita sa mga may HIV, tulad ng hepatitis (B at C), CMV, Toxoplasmosis, syphilis.
- Swabs upang alamin kung mayroon kang mga sakit na nakukuha sa pakikipag-sex
- X-ray ng dibdib at TB skin test minsan sa isang taon
- Pap smear minsan sa isang taon para sa mga kababaihan.

Mga bakunang ipinapayo para sa mga taong may HIV:

- Bakuna laban sa pneumonia (minsan tuwing ikalimang taon)
- Bakuna laban sa trangkaso (minsan isang taon kapag winter)
- Bakuna laban sa hepatitis B (kung hindi ka pa nagkakaroon ng hepatitis B)
- Bakuna laban sa hepatitis A (kung hindi ka pa nagkakaroon ng hepatitis A)
- Booster na bakuna laban sa Diptheria, Tetanus at Polio (minsan tuwing ikasampung taon)

Mga gamot na ipinapayo upang maiwasan ang mga impeksyong nauugnay sa HIV:

- Kung ang bilang ng T cell mo ay mas mababa sa 200, dapat uminom ng gamot upang maiwasan ang PCP, isang uri ng pneumonia na nauugnay sa HIV. Ang pangkaraniwang gamot dito ay: Septra (TMP/SMX), Dapsone (Avlosulfon), Mepron (Atovaquone) o aerosolized Pentamidine na nilalanghap.
- Kung ang bilang ng T cell mo ay mas mababa sa 100, pag-isipan mong uminom ng gamot upang maiwasan ang MAC, (mycobacterium avium complex) isang uri ng bacterial infection na nagpapalabas ng mga sintomas sa katawan. Ang mga pangkaraniwang gamot para dito ay: Zithromax (Azithromycin), Biaxin (Clarithromycin), at Mycobutin (Rifabutin).
- At kung dumaranas ng paulit-ulit na herpes o yeast infection, maaaring magpayo ang doktor ng mga gamot na palagiang iinumina upang maiwasan ang mga impeksyong ito.



Tiyaking alam ng iyong doktor at parmasyutiko ang lahat ng uri ng gamot na iniinom at gayundin ang complementary therapies, herbs, at supplements upang makita nila ang kabuuan ng paggagamot at nang mapayuhan ka tungkol sa mga posibleng interaction ng mga ito.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.